## APPLICATION

- Kung ikaw ay dumaranas ng kahirapan o sakit ngayon, ano ang magpapalakas sa iyo upang magpatuloy sa pananampalataya? Papaano mo aabangan ang pangakong pag-asa ng Diyos?
- Papaano mo aangkinin ang pangakong kaligtasan ng Diyos mula sa kasalanan at kamatayan (1 Juan 1:9)?
- Kanino mo maibabahagi ang pangakong ito ngayong linggo? Ano ang maipapayo mo sa kanila na akma sa kanilang pinagdadaanan?

## PRAYER

- Hilingin sa Diyos na palawakin pa ang iyong pang-unawa at pananalig na yakapin at tanggapin ang Kanyang ipinangakong buhay na wala ng sakit, kasalanan, at pagkabulok.
- Manalangin para sa kakayahan na mamuhay ng banal, at maging mabilis sa pagsisisi kapag nagkakamali.
- Ipagdasal ang mga tao sa paligid mo na piliin nila ang Diyos at ang buhay na Kanyang handog sa halip ng pagiging makamundo na hahantong lamang sa sakit, kamatayan, at pagkabulok.

VICTORY

© 2014 by VICTORY®
All rights reserved.
Permission to photocopy this material is granted for local church use. This is not for sale.
victory.org.ph

SET APART

FILIPINO **WEEK 4**

# Tulad Niya

## NOTES

## WARM-UP

- Noong bata ka pa, nasugatan ka na ba? Anong nangyari?
- Lumabag ka na ba sa isang patakaran sa eskwelahan o sa trapiko? Paano ka napagalitan?
- Ibahagi ang karaniwan mong ginagawa upang mapanatili ang iyong kagandahan o kalusugan.

**WORD**

*[3]Narinig ko ang isang malakas na sigaw mula sa trono, "Ngayon, ang tahanan ng Diyos ay nasa piling na ng mga tao! Mananahan na siyang kasama nila. Sila'y magiging mga mamamayan niya. At siya'y makakapiling na nila [at magiging Diyos nila.] [4]Papahirin niya ang mga luha sa kanilang mga mata. Wala nang kamatayan, kalungkutan, iyakan, o sakit. Sapagkat lumipas na ang dating kalagayan."* **PAHAYAG 21:3,4**

---

Binabago tayo ng Diyos araw-araw ayon sa imahe at pagkakahawig ni Jesus sa pamamagitan ng Kanyang grasya at sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Balang araw, ang proseso ng pagpapabanal ay magiging ganap din. Siguro ay masyadong malawak pa ito sa ating pang-unawa, ngunit tulad ng ipinangako ng Diyos, buong kompiyansa nating maaangkin at maaasahan ito sa hinaharap. Tingnan pa natin ng mas maigi ang pangakong ito.

## 1 Wala ng sakit

*Para sa akin, ang mga paghihirap sa buhay na ito ay hindi maihahambing sa napakagandang kalagayan na mapapasaatin balang araw.* **ROMA 8:18**

Ipinaliwanag ni Pablo ang mga paghihirap sa buhay na ito na kanyang pinagdaanan sa 2 Corinto 11:24-28. Sa buhay natin at sa mundong ito, kinakaharap natin ang sakit at pagdurusa. Sabi ni Pablo na ang mga pagdurusang ito ay hindi mahahambing sa inaaasahan niya sa hinaharap—ang napakagandang kalagayan na mapapasaatin balang araw. Bakit pupwede tayong magpatuloy sa gitna ng sakit na nararanasan natin sa mundong ito (Juan 16:33)?

## 2 Wala ng kasalanan

*[54]At kapag ang katawang ito na nabubulok at namamatay ay napalitan na ng katawang hindi nabubulok at hindi namamatay, matutupad na ang sinasabi sa Kasulatan na, "Nalupig na ang kamatayan; ganap na ang tagumpay!" [55]"Nasaan, O kamatayan, ang iyong tagumpay? Nasaan na ang iyong kapangyarihan?"* **1 CORINTO 15:54,55**

Sinasabi sa Roma 6:23 na ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan. Hangga't may kasalanan, hindi maiiwasan ang kamatayan. Gayunman, nalupig na ni Jesus ang kasalanan at kamatayan sa ganap Niyang gawa sa krus (1 Corinto 15:25,26). Sa Kanya, maaangkin natin ang ipinangakong buhay na walang-hanggan. Kailan ba nagsimula ang pakikipaglaban natin sa kasalanan at kamatayan? Papaano napagtagumpayan ni Jesus ang laban na ito para sa atin?

## 3 Wala ng pagkabulok

*[42]Ganyan din sa muling pagkabuhay ng mga patay. Ang katawang inilibing ay mabubulok, ngunit kapag ito'y muling binuhay, hindi na ito mabubulok kailanman. [43]Ang katawang inilibing ay pangit at mahina, ngunit kapag ito'y muling binuhay, ito'y maganda na at malakas.* **1 CORINTO 15:42,43 (BASAHIN DIN ANG 1 CORINTO 15:44,49.)**

Dahil alam natin na nabubulok ang ating katawan, ang mga sakit, pagtanda, at kamatayan ay tunay para sa atin. Sinusubukan nating pigilin o tanggalin ang mga ito sa pamamagitan ng gamot, teknolohiya, o pamumuhay ng makabubuti sa kalusugan. Gayunman, malinaw na sinasaad ng pangako ng Diyos na sa takdang panahon ng muling pagkabuhay, ang mga bago at maluwalhating nating katawan ay hindi na mabubulok—tulad ng una Niyang plano para sa atin. Bago pa nagkasala si Adan at Eva, paano isinalarawan ang tao sa mga linikha ng Diyos (Genesis 1:26-31)?